BRAMPTON

Media Release

PARA SA KARAGDAGANG PAGLABAS

# Ipinagdidiriwang ng Brampton Fire ang Linggo ng Kaalaman sa Carbon Monoxide
# Nobyembre 1 hanggang 7

BRAMPTON, ON (Oktubre 29, 2021) – Mula Nobyembre 1 hanggang 7, ipinagdidiriwang ng Brampton Fire and Emergency Services at ng Lungsod ng Brampton ang Carbon Monoxide Awareness Week o Linggo ng Kaalaman sa Carbon Monoxide para makatulong sa pagbibigay ng kaalaman sa komunidad tungkol sa carbon monoxide, ang walang amoy, walang lasa na hindi nakikitang gas na may posibilidad na makapagdulot ng malaking pinsala. Ang tema sa taon na ito ay "Ano man ang hindi mo makikita, maaamoy o malalasahan ay MAAARING makakapatay sa iyo!", At ang linggo ay inialay sa pagbibigay ng kaalaman sa komunidad sa kung ano ang maaaring magagawa nila para sa paghahanda at pananatiling ligtas.

Ang pagkakaalam kung ano ang carbon monoxide, paano ito nalilikha at ang wastong pagdetek ay makakatulong sa pagligtas ng buhay.

- Ang pagkakaroon ng wastong pagka-install na mga alarma ng carbon monoxide ay nakapagliligtas ng buhay.
- Mag-install ng gumaganang mga alarma ng carbon monoxide sa tabi ng lahat ng tulugang lugar
- Subukan bawat buwan ang mga alarma ng carbon monoxide
- Palitan kada taon ang mga baterya

Ang mga kasapi ng Brampton Fire and Emergency Services team ay nasa sumusunod na mga lokasyon para itaguyod ang kaligtasan sa sunog, bigyang kaalaman ang komunidad tungkol sa kahalagahan ng kaalaman sa carbon monoxide at sagutin ang mga tanong:

- Nobyembre 1 – McDonald's, 7690 Main Street,11 am – 1 pm
- Nobyembre 2 – Canadian Tire, 2850 Queen St E, 2 – 4 pm
- Nobyembre 3 – McDonald's, 9485 Mississauga Road, 11 am – 1 pm
- Nobyembre 5 – McDonald's, 10565 Bramalea Road, 11 am – 1 pm
- Nobyembre 5 – Bob Callahan Flower City Seniors Centre, 8870 McLaughlin Road, 1 – 4 pm

Sa panahon ng Linggo ng Kaalaman sa Carbon Monoxide , sundan ang Brampton Fire and Emergency Services sa Twitter, Facebook, at YouTube para sa pangkaligtasang mga tip at impormasyon sa kung paano protektahan ang iyong sarili.

Ang Brampton Fire and Emergency Services ay committed sa pagtataguyod ng kaligtasan sa komunidad. Sa nagpapatuloy na partnership, ang Brampton Fire ay nakikipagtulungan sa Sheridan College para mag-canvas sa lugar sa paligid ng Davis Campus para bigyang kaalaman ang mga estudyante sa kahalagahan ng kaligtasan sa sunog at wastong paggamit ng kombinasyon ng mga alarma ng usok at carbon monoxide para manatiling ligtas. Magkasama maghahatid sila ng mga pakete ng impormasyon sa halos 2,000 sambahayan.

Noong Oktubre 25, ang Brampton Fire and Emergency Services ay nakatanggap ng 606 na kombinasyon ng mga alarma ng usok at carbon monoxide mula sa Enbridge Gas sa pamamagitan ng Safe Community Project Zero. Dalawang daan ng mga alarma na ito ay ibibigay sa Sheridan College

para suportahan ang kasalukuyang programa na nagtataguyod sa kaligtasan sa sunog sa mga estudyante na naninirahan sa labas ng campus.

Salamat sa isponsor ng Linggo ng Kaalaman sa Carbon Monoxide, Enbridge Gas, para sa kanilang malaking suporta at patuloy na commitment sa kaligtasan ng komunidad.

Para sa karagdagang imprmasyon sa kaligtasan sa carbon monoxide, bisitahin ang bramptonfire.com

**Mga Quote**

"Ang carbon monoxide ay tahimik na pumapatay at ang nagpapatuloy na edukasyon at kaalaman sa kaligtasan at pag-iwas ay nag-aambag sa Linggo ng Kaalaman sa Carbon Monoxide, hinihikayat ko ang bawat isa na maging pamilyar nitong nakakapinsalang gas at para tiyakin na wastong na-install ang mga alarma ng carbon monoxide sa inyong mga bahay."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang kaligtasan ay magsisimula sa inyo. Hinihikayat ko ang mga residente na gumanap ng aktibong papel sa kanilang kaligtasan at proteksyon, na matuuto tungkol sa kung ano ang carbon monoxide at tiyakin na ang mga alarma ay wastong na-install at namintina."

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

"Nitong Linggo ng Kaalaman sa Carbon Monoxide, magbibigay kami ng impormasyon para bigyang kaalaman ang komunidad tungkol sa mga panganib nitong gas para maging maagap ang mga residente at protektahan ang kanilang mga sarili laban sa mga insidente kaugnay ng pagkakalason sa carbon monoxide. Bawat bahay na may mga appliance na gumagamit ng panggatong at/o naka-attached na garahe ay nangangailangan ng gumaganang alarma ng carbon monoxide sa tabi ng lahat ng tinutulugang bahagi. Subukan ang ,mga alarma ng carbon monoxide buwan-buwan, palitan ang mga baterya kahit isang beses kada taon at sundin ang mga tagubilin ng mga tagagawa para sa pagpapalit."

- *Bill Boyes, Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

BRAMPTON

**Media Release**

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca